


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# Filipino

## Ikaapat Na Markahan – Modyul 6
## Nagbibigay ng Mungkahing Solusyun sa isang Teksto o Napanood at Natutukoy ang Mahalagang Detalye Kaugnay ng paksang Narinig



Name of Learner:___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Careen C. Pidor-T1
Arlyn B. Dumdum- T-I
**Editor:** Amparo G. Singco MT-I
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero
**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto Tardo, EdD – Chief Education Supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD – Education Program Supervisor - Filipino
Ma. Socorro M. Orion – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero, DTE - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS



# Alamin

Mahusay! Naipakita mo ang iyong galing sa pagsagot sa mga naunang gawin!
Sa modyul na ito matutuhan mo:

- ang magbigay ng solusyon sa suliraning nabasa sa isang teksto o napanood.
- Matutukoy ang mahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig.

Gamit ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

**Nabibigay ng mungkahing solusyon sa suliraning nabasa sa isang teksto o napanood. (F3PB-IVh-13)**

**Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig. (F3PN-IVi-16)**

**PAALALA: HUWAG SULATAN ANG MODYUL NA ITO. MAGHANDA NG SARILING SAGUTANG PAPEL.**

**Aralin 1**

**Nabibigay ng mungkahing solusyon sa suliraning nabasa sa isang teksto o napanood**

**Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig.**



# Balikan

**Panuto**: Isulat sa patlang ang tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga tambalang salita sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Hatinggabi | bagong-luto | balitang-kutsero |
| hanapbuhay | takdang-aralin | |

1. __________na ang uwi ni Ron mula sa kanyang trabaho sa call center kaya maaga siyang natulog .
2.May ginataan na ______________sa kusina kaya magmerienda muna tayo.
3. Natapos mo ba ang ating ________________sa Sibika at Kultura?
4. Huwag kang maniwala sa tsismis dahil mga ________________ang maririnig mo.



# Tuklasin

**Gawain 1:** Basahin ang kuwento.

**Ang Aso at ang Uwak**

May isang ibong uwak na nakakita ng karne na nakabilad sa araw.Tinangay niya ito at lumipad nang malayo.

Sa dulo ng sanga ng isang puno ay sinimulan niyang kainin ang karne.

Ngunit narinig niya ang malakas na boses ng isang aso na nagsabing, “ sa lahat ng ibon, ang uwak ang pinaka- magaling.Walang kakumpara!”

Natuwa ang uwak at binukas ang bibig.Nahulog ito sa lupa kung saan kaagad sinunggaban ng aso.

Walang nagawa si uwak kundi tingnan ang pagkain ng aso sa nahulog nyang karne.

Mula noon hindi na muling nagpalinlang si Uwak kay Aso.

Mga Tanong:
1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang suliranin sa kwento na iyong binasa?
3. Paano nalutas ang suliranin sa kuwento na iyong binasa?
4. Ano ang aral na mapupulot sa kuwento?



# Suriin

**Alam mo ba?**

Sa muling pagsasalaysay sa tekstong napakinggan, mahalaga ang matamang pakikinig at pag-unawa upang maibabahagi nang maayos at mabuti ang kaalaman sa mga napakinggang impormasyon gamit ang sariling salita sa pagbuo ng mga pangungusap. Ang pakikinig sa teksto ay maaaring manggaling sa ibang tao, sa iba't ibang midyum tulad ang radio, telebisyon, at iba pang makabagong gadget.



# Pagyamanin

**Gawain 1:** Tawagin ang iyong magulang o kapatid.Ipabasa nang malakas sa kanila ang sumusunod na teksto.Pagkatapos,pagsunod- sunurin ang detalyeng nangyayari sa kuwento.

**Ang Lobo at ang Kambing**

Isang lobo na nahulog sa balon na walang tubig.Sinikap niyang tumalon upang maka-ahong palabas ngunit lubhang malalim ang balon na kaniyang kinahulugan.

Noo'y dumating ang isang uhaw na uhaw na kambing.Lumapit ito sa balon at narinig  ang tinig ng lobo.

"Marami bang tubig sa loob ng balo?" .Tanong nito sa lobo." Oo, napakarami!" ang pagsisinungaling na sagot naman ng lobo.

Hindi na nagdalawang- isip pa ang kambing.Agad itong tumalon sa balon.At nalaman ngang siya'y niloko lamang ng lobo.

"Ngayo'y pareho na tayong bilanggo ng balon na ito," ang sabi ng lobo." Mamamatay  tayo sa uhaw at gutom dito,' ang sabi ng kambing.

"Kung gusto mong makaalis dito,magtulungan tayo.Mayroon akong naisip na paraan kung papaano nating gagawin iyon."

"Papano?"

Noon ipinatong ng lobo ang mga paa sa katwan ng kambing. " Ako muna ang lalabas.At kapag nakalabas na ako, saka kita hahatakin palabas," pangako nito.' Sige," ang sabi naman ng kambing.

Nakalabas nga ng balon ang lobo sa tulong ng kambing.Ngunit noong pagkakataon nan g kambing para tulungan nito'y agad iyong tumawa ng malakas.Pagkuwa'y sinabing," Walang lobong manloloko kung walang kambing na magpapaloko."

At malugkot na naiwanan ang kambing sa malalim na balon.

Aral:

Maging matalino sa mga desisyong gagawin mo at huwag basta-basta maniniwala sa ibang tao lalo na kung hindi mo kakilala.

_____1.Nakalabas nga ng balon ang Lobo sa tulong ng Kambing,
_____2.Noon ipinatong ng Lobo ang mga paa sa katawan ng Kambing.
_____3."Ngayo'y pareho na tayong bilanggo sa balon na ito"ang sabi ng Lobo.
_____4.Noo'y dumating ang isang uhaw na uhaw na Kambing. Lumapit ito sa balon at narinig ang tinig ng Lobo.

**Gawain 2:** Magbasa tayo!

Panuto: Basahin ang maikling talata tungkol kay Maya.Kulayan ang kahon ng tamang sagot sa bawat tanong.

| |
|---|
| Si Maya ay may bisikleta. Ang bisikleta ay kulay dilaw. Dalawa ang gulong nito. Mahilig magbisikleta si Maya tuwing hapon. Ito ang gamit niya papunta sa palaruan. May mga kalaro siya sa palaruan. May bisikleta rin sila. |

1. Anong sasakyan mayroon si Maya?
   - ☐ pedicab
   - ☐ traysikel
   - ☐ bisikleta

2 Kailan siya nagbibisikleta?
   - ☐ tuwing umaga
   - ☐ tuwing hapon
   - ☐ tuwing gabi

3. Sino ang makikita ni Maya
   - ☐ ang mga kalaro niya
   - ☐ ang mga magulang niya
   - ☐ ang mga kapatid niya

4. Ano ang kulay nito?
   - ☐ dilaw
   - ☐ berde
   - ☐ pula



# Isaisip

**Tandaan:**

Ang pagbibigay solusyon sa suliraning nabasa o napanood sa isang teksto ay mahalaga upang maibahagi ang kaalamang natutuhan sa mga nabasang kwento o talata Dito rin masusukat ang komprehensyon ng nakikinig o nagbabasa ng kuwento.Kailangan lamang basahing mabuti at unawain ang binasa upang mabigyan ng solusyon ang mga suliranin.

Ang pagtukoy ng mahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig ay isang Gawain nagpapatunay na may natutunan tayong kaalaman mula sa ating binasa kuwento o talata.



# Tayahin

**Panuto**; Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

**Pagsasaranggola**

Maramingbata ang nagtatakbuhan paakyat ng bundok. Ang saya-saya nilang lahat.
Maaliwalas ang langit at hindi mainit ang sikat ng araw.Katamtaman lamang ang ihip ng hangin at bagay na bagay para sa pagpapalipad ng saranggola.

Higit na mababa ang paglipad ng malaking saranggolang pula ni Luis kaysa sa saranggolang dilaw ni Albert. Tila naman eroplano ang saranggola ni Samuel.Iyon ang pinakamataas sa lahat ng saranggola na lumilipad sa himpapawid.

“Kuya,” tawag ni ana,ang maliit na kapatid ni Samuel .” Tulungan mo po akong paliparin ang aking saranggola.” Hawak ni Ana ang isang saranggolang kulay Lila at gawa sa makapal na papel.” Sige, halika at tuturuan kita,” ang sagot ng kanyang kuya.Masayang

Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagkakahon sa letra ng tamang sagot.

1. Alin sa mga salita ang naglalarawan sa mga bata sa kwento?
   a. Malikot  b. Masaya  c. Maingay
2. Ano ang ginagawa ng mga bata?
   a. Nagpipiknik sa parke  b. Naglalaro ng taguan
   c. Nagpapalipad ng saranggola
3. Kaninong saranggola ang pinakamataas ang lipad?
   a. Kay Samuel  b. Kay albert  c. Kay Luis
4. Sino ang tumulong kay Ana magpalipad ng kanyang saranggola?
   a. Si albert  b. Si Ana  c. Si Samuel
5. Anong yari ang saranggola ni Ana?
   a. sa manipis na plastic  b.Sa mahabang tela
   c. Sa makapal na papel



# Karagdagang Gawain

Panatang Pangkalusugan

Panuto: Dugtungan ang mga salitang nasa loob ng bilog at isulat sa Scroll upang makabuo ng isang panata.

babasahin  uunawain  Isasaalang- alang

Pag-iingatan  makapanghikayat

Babasahin…

Binabati kita! Natapos mo nang sagutan ang modyul na ito.
Maaari ka ng magpatuloy sa susunod na modyul.

# Susi *sa Pagwawasto*

**Balikan**
1. hatinggabi
2. baong-luto
3. takdang-aralin
4. balitang-kutsero

**Gawain 2**
1. bisikleta
2. tuwing hapon
3. kalaro
4. dilaw

**Tayahin**
1. b. masaya
2. c. nagpapalipad ng saranggola
3. a. kay Samuel
4. b. Si Ana
5. c. makapal na papel

**Tuklasin**
1. Si Aso at si Uwak
2. Ang paglilinlang ni Uwak kay Aso.
3. Huwag magtiwala kaagad.
4. Hindi lahat ng papuri ay totoo.

**Karagdagang Gawain**-Iba't iba ang sagot.

**Pagyamanin**
4
3
2
1

## Mga Sanggunian:


"Controversial issue regarding MRT and LRT operations." Published July 1, 2017. http://cstcgroup8safilipino.blogspot.com/2017/07/.

"Evacuation during flood." Accessed December 2020. https://www.google.com/search?q=evacuation+during+flood&tbm=isch&ved=2ahU KEwiKkuKC_JTsAhV4zYsBHWjcAboQ2-cCegQIABAA&oq=evacuation+during+flood&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECCMQJzoECAAQQzoHCAAQsQMQQzoHCCMQ6gIQJzoFCAAQsQM6AggAOggIABCxAxCDAVDyS1ighgFguYgBaANwAHgAgAGlBYgB41CSAQkyLTcuOC4yLjiYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABCsABAQ&sclient=img&ei=yJ52X4qOJfiar7wP6LiH0As&bih=639&biw=638.

"Flowering of plants using hose." Accessed December 2020. https://www.google.com/search?q=flowering+of+plants+using+hose&tbm=isch&ve d=2ahUKEwjkrJLN-5TsAhVH6ZQKHVtmC0cQ2-cCegQIABAA&oq=flowering+of+plants+using+hose&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECCMQJzoFCAAQsQM6BAgAEEM6BwgAELEDEEM6AggAOgYIABAIEB46BAgAEBg6BAgAEB

"Pangunahing kaisipan salaysay 1." Accessed December 2020. https://drive.google.com/file/d/0B9ErwJkQyXJJZThWQnUzeEZvV2c/view.

Department of Education. "Modyul 8: Pagsusuri at pagtutukoy sa kaisipan, mensahe at damdamin sa teksto." Published December 31, 2014. https://www.slideshare.net/annsheryl/modyul-9-43109627.